{Ang Propeta noon (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan), kapag pumunta siya sa higaan niya bawat gabi, ay nagbubuklod ng mga kamay niya. Pagkatapos bumubuga siya sa mga ito saka bumibigkas sa mga ito ng ika-112 kabanata, ika-113 kabanata, at ika-114 kabanata [ng Qur'ān]

Ayon kay `À’ishah (malugod si Allāh sa kanya): {Ang Propeta noon (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan), kapag pumunta siya sa higaan niya bawat gabi, ay nagbubuklod ng mga kamay niya. Pagkatapos bumubuga siya sa mga ito saka bumibigkas sa mga ito ng ika-112 kabanata, ika-113 kabanata, at ika-114 kabanata [ng Qur'ān]. Pagkatapos nagpapahid siya ng mga ito sa nakakaya niya mula sa katawan niya. Nagsisimula siya sa pamamagitan ng mga ito sa ulo niya, mukha niya, at nakaharap mula sa katawan niya. Ginagawa niya iyon nang tatlong ulit.}

[Tumpak] [Nagsalaysay nito si Imām Al-Bukhārīy]

Bahagi ng patnubay ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan), kapag pumunta siya sa higaan niya upang matulog, ang pagbuklod niya ng mga palad niya, ang pag-aangat ng mga ito gaya ng ginagawa ng tagapanalangin, at ang pagbuga sa mga ito mula sa bibig niya sa isang malumanay na pagbuga kasama ng kakaunting laway. Binibigkas niya ang tatlong kabanata ng Qur'ān: ang ika-112 kabanata, ang ika-113 kabanata, at ang ika-114 kabanata. Pagkatapos nagpapahid siya ng mga palad niya sa nakakaya niya mula sa katawan niya, na nagsisimula sa ulo niya, mukha niya, at bahaging nakaharap mula sa katawan niya. Nag-uulit-ulit siya ng gawaing ito nang tatlong ulit.

http://sunnah.global/hadeeth/tl/show/65060